



TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2022-0002
Title	COVID-19 Home Isolation Benefit Package (CHIBP) (<i>Revision 1</i>)

A. Karaniwang tanong ng mga miyembro/publiko

Tanong	Sagot
1. Ano ang COVID-19 Home Isolation Benefit Package (CHIBP)?	Ang CHIBP ay benepisyo ng PhilHealth para sa mga pasyenteng kumpirmadong asymptomatic o mayroong mild na kaso ng COVID-19, na nakapasa sa social at clinical criteria para sa home isolation, kung saan maaaring manatili na lamang sa bahay upang doon maalagaan at masubaybayan ng isang CHIBP provider.
2. Sino-sino ang maaaring makagamit ng CHIBP?	Ang CHIBP ay maaaring magamit ng lahat ng Filipinong rehistrado sa PhilHealth at kumpirmadong may sakit na COVID-19 ayon sa RT-PCR test. Kinakailangan din ang mga sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> • Walang sintomas (asymptomatic) o may mild na sintomas ng COVID-19. • Walang risk factors tulad ng pagkakaroon ng sakit na hypertension, diabetes, hika, atbp. • Nakapasa sa social criteria.
3. Ano ang tinatawag na mild symptoms?	Ang mild na sintomas ay ang mga sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> • Lagnat • Ubo • Sipon • Pagkapagod • Walang ganang kumain • Pananakit ng katawan • Pananakit ng lalamunan • Pananakit ng ulo • Pagtatae • Pagsusuka • Pagkawala ng pang-amoy (anosmia) • Pagkawala ng panlasa (ageusia) • Walang palatandaan na may pneumonia o hirap sa paghinga
4. Ano naman ang social criteria?	Ang social criteria ay ang mga sumusunod na kundisyon: <ol style="list-style-type: none"> a. Ang pasyente ay may kapasidad na mag-isolate sa isang kwarto na may sariling palikuran; b. Ang kwarto ng pasyente ay may maayos na lagusan ng hangin; c. May kasama ang pasyente sa bahay na maaaring magbigay





TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.


2022-0002

Title

COVID-19 Home Isolation Benefit Package (CHIBP) (*Revision 1*)


	<p>ng kanyang pangangailangan tulad ng pagkain, tubig, gamot, atbp;</p> <p>d. Ang pasyente ay maaaring tawagan sa pamamagitan ng telepono, cellphone o internet gamit ang Messenger, Viber, Zoom at iba pang applications.</p>
<p>5. Ano-anong mga serbisyo ang nakapaloob sa benepisyong ito?</p>	<p>Ang mga serbisyong nakapaloob sa benepisyong ito ay ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none">• Konsultasyon sa isang duktor;• Pag-monitor sa pasyente sa loob ng sampung (10) araw;• Home isolation kit na naglalaman ng mga sumusunod: 1L 70% alcohol, 1 pirasong thermometer, 1 pirasong pulse oximeter, piling medisina at limang (5) piraso na surgical face mask• Pag-refer sa pasyente sa isang ospital kung kinakailangan.
<p>6. Anong mga pasilidad ang nagbibigay ng ganitong benepisyo?</p>	<p>Ang kumpletong listahan ng accredited CHIBP provider ay maaaring makita sa PhilHealth website (www.philhealth.gov.ph) o makipag-ugnayan sa pinakamalapit na PhilHealth Local Health Insurance Office (LHIO).</p>
<p>7. Paano kung ang isang lugar ay walang accredited na pasilidad na magbibigay ng CHIBP?</p>	<p>Kung walang PhilHealth accredited CHIBP provider sa inyong lugar, maaaring makipag-ugnayan sa inyong Barangay Health Emergency Response Team (BHERT).</p>
<p>8. Ilang beses pwedeng magamit ang CHIBP?</p>	<p>Maaaring magamit ang CHIBP nang higit sa isang beses kung ang pasyente ay muling magkakaroon ng kumpirmadong sakit na COVID-19 na asymptomatic o may mild na sintomas at nasunod ang lahat ng criteria na nabanggit sa No. 2.</p>
<p>9. Mayroon pa bang babayaran ang pasyente kapag nag-avail ng CHIBP?</p>	<p>Lahat ng serbisyong hindi nakapaloob sa CHIBP ay sasagutin na ng pasyente tulad ng transportasyon, ibang gamot na wala sa package, face mask ng mga kasama sa bahay, atbp.</p>



	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2022-0002
	Title	COVID-19 Home Isolation Benefit Package (CHIBP) (Revision 1)

B. Karaniwang tanong mula sa isang Health Care Facility	
<p>10. Magkano ang benepisyo na nakapaloob sa CHIBP? Ano-anong mga serbisyo ang dapat ibigay sa pasyente?</p>	<p>Ang benepisyo ay nagkakahalaga ng Php 5,917.00, na direktang ibabayad sa accredited na pasilidad. Ang mga serbisyonang dapat maibigay na naaayon sa panuntunan ng DOH ay ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Konsultasyon sa isang duktor; • Pag-monitor sa pasyente sa loob ng sampung (10) araw; • Home isolation kit na naglalaman ng mga sumusunod: 1L 70% alcohol, 1 pirasong thermometer, 1 pirasong pulse oximeter, piling medisina at limang (5) piraso na surgical face mask; • Pag-refer sa pasyente sa isang ospital kung kinakailangan.
<p>11. Paano mag-apply upang maging PhilHealth accredited CHIBP provider?</p>	<p>Ang mga PhilHealth-accredited Community Isolation Units (CIUs), Infirmaries, Hospitals at Konsulta providers ay kinakailangan lamang magsumite ng mga sumusunod na dokumento sa pinakamalapit na PhilHealth LHIO:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Completely filled-out CHIBP Self-Assessment Tool (SAT) at Letter of Intent; • Pirmadong Performance Commitment bilang CHIBP provider; • Service Delivery Support ng kapartner na Telemedicine Provider, kung meron; • Service Delivery Support sa isang referral na pasilidad o isang Referral Plan; • Service Delivery Support at/o Authorization Letter sa mga pasilidad na walang eClaims system o mga pasilidad na walang kakayahang magsumite ng eclaims. <p>Ang akreditasyon ay walang bayad.</p>
<p>12. Ano ang mga kailangang dokumento sa pagsumite ng claim?</p>	<p>Ang mga dokumentong kailangan sa pagsumite ng claim ay ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pirmadong Claim Signature Form (CSF); • Kopya ng resulta ng RT-PCR na nagpapatunay na ang pasyente ay positibo sa COVID-19; • Pirmadong Clearance ng Assessment Checklist of Clinical and Social Criteria for COVID-19 Home Isolation Benefit Package; • Pirmadong COVID-19 Home Isolation Kit Issuance o katunayan na natanggap ng pasyente ang kit;



	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2022-0002
	Title	COVID-19 Home Isolation Benefit Package (CHIBP) (<i>Revision 1</i>)

	<ul style="list-style-type: none"> • Pirmadong Authorization and Consent to Participate in Teleconsultation; at • Pirmadong Monitoring sheet ng home isolation team.
--	--

